Public Health
Seattle & King County

Utos ng Tanggapan ng Lokal na Kalusugan ng King County

Kinakailangan na ngayon ang mga maskara sa anumang panlabas na kaganapan na may 500 o higit pang mga tao na dadalo.

Ang kautusan na ito ay para sa lahat ng taong nabakunahan at hindi nabakunahan, 5 taong gulang at pataas.

Public Health
Seattle & King County

Ang mga maskara ngayon ay masidhing nirerekomenda sa lahat ng tao na may gulang 5 taon at pataas
— nabakunahan at hindi nabakunahan — sa anumang panlabas na kaganapan kung saan ang mga tao ay hindi maaaring manatili ng hindi bababa sa 6 piye ang layo mula sa mga hindi kasapi sa bahay.



Public Health
Seattle & King County

Bakit may bagong kautusan sa maskara?

- Ang King County ay may patuloy na tumataas ng antas ng pagkahawa ng COVID-19.
- Ang ating Sistema ng pangangalaga sa kalusugan ay sadyang nahihirapan.
- Ang **Delta variant** ay mas lalong nakakahawa at nauugnay na may mas malaking peligro na maospital.
- Ang mga taong nabakunahan na ay may mataas na antas ng proteksyon laban sa malubhang karamdaman dala ng COVID-19 ngunit maaari pa ring makahawa sa iba.

Public Health
Seattle & King County

Tandaan na kinakailangan pa ring magsuot ng maskara sa panloob na mga pampublikong lugar.

Hanggang Agosto 23, lahat ng may edad 5 taon pataas sa Washington state ay kinakailangang magsuot ng pantakip sa mukha sa loob ng mga pampublikong lugar, tulad ng grocery stores, malls, gyms, at community centers.

Lahat ay dapat ding magpatuloy na magsuot ng maayos na maskara sa mga pasilidad ng pagwawasto, tuluyan ng mga walang tirahan, eskwelahan at lugar ng pangangalaga sa bata, pangpublikong transportasyon, at lugar ng pangangalaga sa kalusugan tulad ng opisina ng duktor, lugar ng pangmatagalang pangangalaga, at ospital.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang

kingcounty.gov/masks

Public Health
Seattle & King County